HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

"CONGRATS TO ALL ELECTED OFFICIALS"

Vol. IX No.25 May 19-25, 2025 10.00 ISSN No.: 2672-3034

# P20 BIGAS MABIBILI NA SA CAVITE



Maagang nagsipila ang mga senior citizen at Persons With Disability (PWD) na residente ng Barangay Salitran III sa lungsod ng Dasmariñas para sa "Benteng Bigas, Meron na!" program rollout ngayong araw, Mayo 16.

Ayon kay Jennifer Ibayan, City Agriculturist, binibigyang prayoridad ng unang pasada ng P20 na bigas ang mga residenteng kabilang sa vulnerable sector, kabilang na ang mga senior citizen, Persons With Disability, solo parents, (cont. P.5)



*Congratulations kay 3rd District Congressman Adrian AJ ADVINCULA at Imus City Mayor ALEX AA ADVINCULA at TEAM AJAA na muling naihalal noong nakaraang National & Local election 2025.* ***(MARGIE BAUTISTA)***

# DTI CAVITE JOINTS FIRST "SALIKLAKBAY" TO SUPPORT GRASSROOTS INNOVATION IN INDANG, CAVITE

P.3





*Muli ay ibinigay ng mga Bacooreño ang inyong tiwala kay Ate Lani upang manilbihan bilang Representative sa ikalawang distrito ng Cavite. Sa aking proklamasyon ngayong araw, nag-uumapaw ang aking puso sa pasasalamat at makakaasa kayong patuloy kong isasapuso ang tungkuling ito bilang inyong mambabatas at bilang Nanay ng Bacooreño. Sama-sama, tulong-tulong po tayong muli para sa ikauunlad ng ating mga pamilya, komunidad, at ng mahal nating lungsod. Maraming salamat po at karangalan kong maglingkod muli sa inyo!*




LEAVING FOOTPRINTS AROUND THE GLOBE
31 Overseas Agency Invited 45 Local Companies Invited
17 National Agency Invited MEGA JOBS FAIR 2025
MAY 30, 2025 10:00am onwards
SM City Trece Martires

The City Government of Trece Martires headed by Mayor Gemma Buendia Lubigan , Vice Mayor Bobby Montehermoso and members of 11th Sangguniang Panlungsod through the Office of the City Public Employment Service Manager brings you #MegaJobsFair2025.

Register Now

http://bit.ly/426mGoz Follow, Like, and Share to know More

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 094075029643 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# First HALAL Healthy Corner in Luzon Launches at The District Mall Imus, Cavite



Making history as the first HALAL Healthy Corner in Luzon, the National Commission on Muslim Filipinos (NCMF) and Arkat Lawanen, in partnership with Ayala Malls and Ollocal.PH, officially launched this inclusive retail and community space at the Alagang Ayala Land Center, 2nd Floor, The District Mall Imus on April 29, 2025.

Held under the theme "HALAL: Empowering MSMEs and Leading an Inclusive Community and a Healthy Lifestyle," the event marked a significant step in promoting inclusion, wellness, and cultural representation through the HALAL economy.

The launch was graced by Saleha Sacar, Director of the Bureau of Muslim Economic Affairs (NCMF); Amielyn Limbona, founder of Arkat Lawanen and former Commissioner of the Philippine Commission on Women; Larry Monzon, Imus City Administrator; Lilibeth Chavez, DTI Cavite OIC Provincial Director; Chris Valdez, Ollocal.ph Founder; Jhett Lungcay of LEDIPO and Ace Navarete of the Imus City LGU.

HALAL Corner serves as a dedicated space for certified HALAL products and Muslim-led MSMEs, aiming to foster inclusive growth, cultural pride, and access to clean and ethical consumer options.



**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

HUMANITY NEWS TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

our website:
www.humanitynewsph.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**KRISTEL. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST


**ANTHONY LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.
PAPER.PH

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00



**MAKATANG KABITENYO**
DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE
MAKATANG KABITENYO 1999
F&A.M LINCOLN LODGE # 34
DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## PAGGALANG

1. Ang galang sa kapwa'y lubhang mahalaga,
Akala ng iba mayaman ang bida,
At ang mga dukha, galang ay wala na,
Akalang ganito ay masama't lisya.

2. Ang bansang mayaman bigay ay ayuda,
At may taling pisi ang iaalay niya,
May mga kondisyon na tali sa iba,
Kaya naisulong ang kapakanan niya.

3. Sa bigay na tulong na may taling pisi,
Nawala ang galang sa bansang pinili,
Subali't talamak ang ganitong gawi,
Di agad makita kung di nagsusuri.

4. Ang bigay na tulong kung talagang tulong,
Ibibigay ito sa tulong na layon,
Kung makamahirap bansang may donasyon,
Magbigay sa salat, wala nang kondisyon.

5. Pagka't pag ang dukha ay nakahalata,
Na ang tulong pala ay pakitang-kapwa,
Alam niyang ang galang doon ay nawala,
At relasyon nila ay puwedeng masira.

6. Ang isang kaibigan dapat na igalang,
At hindi estado ng buhay batayan,
Kung kunwari'y galang at turing basahan,
Magiging masama itong palagayan.

7. Paggalang ay dapat manggaling sa puso,
Dapat ito'y tapat sa magandang turo,
Dapat ito'y pantay sa nais magkuro,
Dapat ay totoo, tunay, hindi biro.

8. Merong galang ngayon na pakitang-tao,
Sa madla pakita'y totoong totoo,
Nguni't lisya ito sa tunay na mundo,
Paggalang ay dapat na laging iwasto.


# CONGRATULATIONS CONGRESSMAN JOLO REVILLA!



Muling nagwagi si Cong. Jolo Revilla sa laban para sa ikalawang termino bilang kinatawan ng Unang Distrito ng Cavite sa Kongreso, batay sa resulta ng #Halalan2025.

Sa kanyang pasasalamat, binigyang-diin ni Revilla ang suporta ng mga Caviteño bilang inspirasyon upang ipagpatuloy ang kanyang adbokasiya sa edukasyon, kalusugan, trabaho, at imprastruktura.

Ayon sa kanya, patuloy ang kanyang pagtatrabaho upang madama ng bawat mamamayan ang tunay na serbisyo. Nanawagan si Revilla ng pagkakaisa sa susunod na tatlong taon para sa isang mas tahimik at maunlad na Unang Distrito ng Cavite.




# Bacooreños benefitted in another medical and dental mission



On May 8, 2025, a total of 209 Bacooreños benefitted in the medical and dental mission program held at Brgy. Dulong Bayan, Bacoor City.

The dedicated medical team of Office of the Provincial Health Officer provided basic medical consultation, dental check-up and tooth extraction. Likewise, medicines and vitamins were handed out to complement the services.

The PGC's health outreach program continues to bring the healthcare services closer to the doorstep of the Caviteños in need.

# *DTI Cavite Joints First...*





On May 7, 2025, the Department of Trade and Industry (DTI) Cavite took part in the SalikLakbay: Solutions Mapping and Immersion activity organized by the Department of Science and Technology (DOST) – Cavite in Indang, Cavite, under the Grassroots Innovation for Inclusive Development (GRIND) Program.

The event aimed to identify and support grassroots innovations (GIs) within marginalized communities, reinforcing efforts to create a nationwide GRIND Network. DTI Cavite joined fellow partners, including Cavite State University (CvSU), De La Salle University - Dasmariñas (DLSU-D), the Office of the Provincial Information Officer (OPIO), and the Philippine Chamber of Commerce and Industry (PCCI) Cavite.

The team conducted field interviews with local innovators such as Ms. Lorena Sanchez of Samahan ng Magkakalamay ng Buna Lejos, Ms. Marciana Tepora of Mahabang Kahoy Cerca Weavers Association, and Dr. Lorenzo Lapitan Jr. of Marayata Farm. Their insights are set to play a key role in shaping community-based solutions and enhancing local innovation initiatives across the province.


*DTI Cavite*




Isinagawa ang pamamahagi ng binhi sa ilalim ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) noong Mayo 15, sa Naic Town Plaza. Dinaluhan ito ng mga lokal na magsasaka na tumanggap ng de-kalidad na binhi ng palay upang mapataas ang kanilang ani. Nagkaroon din ng maikling talakayan ukol sa tamang pagtatanim at suporta mula sa Department of Agriculture. Ang aktibidad ay naging maayos at matagumpay, ikinatuwa ng mga benepisyaryo ang tulong mula sa pamahalaan.

# 4-DAY COMPRESSED WORK WEEK SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG IMUS, EXTENDED




Extended and 4-day compressed work week sa mga tanggapan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus hanggang Mayo 31, 2025.

Sa ilalim ng nasabing schedule, bukas ang mga tanggapan simula Lunes hanggang Huwebes, alas-8 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, at mananatiling sarado tuwing Biyernes.

Samantala, nilinaw naman ng pamahalaan na mananatili sa regular schedule ang mga essential offices at frontline services upang matiyak ang tuloy-tuloy na serbisyo sa publiko.

Layunin ng compressed work week schedule na matiyak ang kaligtasan ng mga kawani ng lungsod sa gitna ng patuloy na lumalalang epekto ng mainit na panahon.

# LIBRENG TULI NA HANDOG NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG BACOOR, NAKATULONG SA 153 KABATAAN





Sa patuloy na pagtutok ng lokal na pamahalaan ng Bacoor sa kalusugan ng komunidad, tuloy-tuloy pa rin ang serbisyong libreng tuli para sa mga kabataang lalaki na may edad 12 pataas upang hikayatin ang maayos na pangangalaga ng kalusugan.

Nasa kabuuang 153 na kabataan mula sa Barangay Niog ang nakinabang sa nasabing programa.

Lubos namang nagpapasalamat ang lokal na pamahalaan sa tulong at suporta ng mga volunteer na intern doctors mula sa Perpetual Las Piñas at community volunteers mula naman sa St. Dominic Medical Center.


# ASSEMBLY NG HEALTHY HEART CLUB NG CHO CARMONA



Isinagawa ngayong araw, Mayo 14, bilang selebrasyon ng Hypertension Awareness Month ang Assembly ng mga miyembro ng Healthy Heart Club na dinaluhan ng 280 na officers at miyembro nito. Ito ay sa pangunguna ng Office of the City Health Officer.

Dito ay nagsagawa ng lecture ukol sa "Alta Presyon, Ating Labanan" sa pangunguna ni Dr. Daryl R. Dakay, Cardio Fellow ng University of Perpetual Help Medical Center, Biñan. Lahat ng dumalo ay nabigyan ng club uniform at free meals mula sa Lokal na Pamahalaan. ***City Government of Carmona***

# PGC proudly joins the nation in celebrating Ease of Doing Business Month 2025!




PGC affirms its commitment to efficient, transparent, and responsive public service. Together, let's champion a business-friendly environment that drives innovation and inclusive growth.

# HUMANITY TRIVIA



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA (TWIN BROTHER OF VER)

(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)

Vacuum cleaner - 1901

Zipper - 1903

Parsley - Mediterranean

Laurel - Mediterranean

Spinach - scurvy




SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY

## P20 BIGAS... (from p. 1)

at mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Piipino Program (4Ps)

Siniguro ni Ibayan na magpapatuloy ang bentahan ng P20 bigas sa lungsod hangga't mayroong supply nito.

Suportado ng pamahalaang lungsod ang pagbebenta ng murang bigas na layuning tulungan ang mga kababayan nating kabilang sa vulnerable sector na magkaroon ng sapat at masustansyang pagkain.

Ang "Benteng Bigas, Meron na!" ay katuparan ng pangako ng admninistrasyon ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. na gawing abot-kaya ang halaga ng mga pangunahing bilihin sa ilalim ng Bagong Pilipinas.



# FAMOUS PERSONALITIES

***BY***

***NICO & NIELSEN BAUTISTA***

CHARLEMAGNE - Siya ang Hari ng mga Franks at Lombards at nagtatag ng bagong Roman Empire sa Kanlurang Europa. Siya ay isang Emperador at kinilalang tagapagtanggol ng relihiyon sa Holy Roman Empire nang dapuan siya ng mataas na lagnat na siyang dahilan ng kanyang kamatayan.



# LET THERE BE LIGHT!

**By**

**ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA**

***F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366***

**ALAPAN - Ang Alapan,Imus ay ang unang pamayanan pagkatawid sa latian na tinabunan. Sa salita ngayon, ito ay ang nayon sa Harapan. Sa Lumang Tagalog na walang "R", ito ay halapan, at sa bigkas ng Kastila ay Alapan.**

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Akapulko bilang halamang gamot

Ang halamang akapulko ay karaniwang nakikita bilang halamang ornamental sa mga hardin at bakuran. Kilala ito sa pagkakaroon ng madilaw at mataas at kumpol-kumpol na bulaklak, at may bunga rin na pahaba (pod) na may maraming mga buto. Nakakalat rin ang pag-tubo nito sa mga lugar na nasa rehiyong tropiko kabilang ang Pilipinas.

Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Akapulko?

Ang iba't ibang bahagi ng halamang akapulko ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:



*Scientific name: Cassia alata Linn.; Herpetic alata Raf.; Cassia herpetica Jacq.*
*Common name: Akapulko (Tagalog); Candle Bush o Ringworm bush (Ingles)*

Ang dahon ay may taglay na 12 uri ng kemikal tulad ng chrysoeriol, kaempferol, quercetin, 5,7,4′-trihydroflavanone, kaempferol-3-O-beta-D-glucopyranoside, kaempferol-3-O-beta-D-glucopyranosyl-(1–>6)-beta-D-glucopyranoside, 17-hydrotetratriacontane, n-dotriacontanol, n-triacontanol, palmitic acid ceryl ester, stearic acid, at palmitic acid.

Ang balat ng sanga (bark) ay may taglay naman na tannins, steroids, alkaloids, anthraquinones, terpenes, carbohydrates at saponins

Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

Dahon. Ang dahon kadalasang kinakatasan at pinapakuluan upang mainom na parang tsaa. Maaari din itong durugin at dikdikin upang makuha ang katas. Maaari rin itong gawing ointment sa pamamagitan ng pagdikdik at pagluto sa dahon nito kasama ang langis ng niyog at wax.

Buto. Ang buto ay maaaring dikdikin at kunin ang katas o kaya naman ay pakuluan upang mainom na parang tsaa.

Bulaklak. Kadalasang hinahalo ang bulaklak sa dahon sa pagpapakulo upang mainom na parang tsaa.

Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Akapulko?

Ayon sa mga pag-aaral at nakagawian ng ilan, ang ilan sa mga sakit na maaaring malunasan sa pamamagitan ng paggamit sa halamang akapulko ay ang sumusunod:

1. Impeksyon ng fungi. Pinaniniwalaang makagagamot ang katas ng dinikdik na dahon at bulaklak sa mga kondisyon sa balat na dulot ng impeksyon ng fungi tulad ng buni, hadhad at an-an.
2. Pananakit sa katawan. May bisa rin daw ang pag-inom ng katas ng dahon bilang analgesic o pangonontra sa nararamdamang pananakit sa katawan.
3. Pamamaga at implamasyon. Ang pamamaga sa ilang bahagi ng katawan ay maaring maibsan sa pamamagitan ng paglalagay ng katas ng dahon.
4. Impeksyon ng bacteria. Ang katas mula sa dahon ay makatutulong para mawala ang impeksyon ng bacteria sa katawan.
5. Hirap sa pagdumi o pagtitibi. Ang pag-inom sa pinakuluan ng dahon ay makatutulong na mapadali ang pagdumi kung dumaranas ng pagtitibi o constipation.
6. Hika at bronchitis. Ang pinakuluang dahon at bulaklak ay makatutulong para pahupain ang mga sintomas na dulot ng pag-atake ng hika at bronchitis.
7. Impeksyon ng bulate. Ang pinakuluang buto, dahon at bulaklak ay makatutulong na alisin ang naninirahang bulate sa tiyan.
8. Mga sugat. Maaaring itapal ang dinikdik at pinakuluang dahon ng akapulko sa sugat upang mas mabilis itong gumaling
9. Altapresyon. Ginagamit din ang dahon nito bilang gamot sa pagtaas ng presyon ng dugo. Iniinom lamang ang katas nito na parang tsaa.
10. Eczema o pamamaga ng balat. Ang katas ng dinikdik na dahon at bulaklak ay makatutulong para lunasan ang pamamaga ng balat o eczema.

# PCDC Conducts Year-End Evaluation and Annual Planning in Tagaytay




The Provincial Cooperative Development Council of Cavite (PCDC) conducted its Year-End Evaluation and Annual Planning session on May 8, 2025, at Santa Luisa MPC in Tagaytay City. The event was attended by PCDC officers and members, including OIC PD Lilibeth Chavez and DC Rebecca Tarasona of DTI Cavite.

The session focused on evaluating the council's accomplishments over the past year and mapping out strategic directions for the next five years. Participants conducted a comprehensive review of implemented programs, identified key areas for improvement, and engaged in collaborative planning to strengthen support for cooperatives throughout the province. A SOAR (Strengths, Opportunities, Aspirations, Results) Analysis was used to guide the discussions, culminating in the revision and updating of the council's mission and vision statements to better reflect its evolving goals.



# CAVITE HIGHLIGHTS

By:
Yna Palparan Bautista

**Artemio Ricarte** -Isa siyang Ilokanong guro sa Malabon at kasama sa pag-aalsa noong rebolusyon. Siya ang unang pangunahing Heneral ng Philippine Army na itinatag ni Aguinaldo. Di siya nanumpa ng katapatan sa mga Amerikano at naging tapon sa Japan. Bumalik siya noong World War II sa Pilipinas at namatay sa Mountain Province. Nakalibing siya sa Libingan ng mga Bayani.

# POLLO MASTER CORP. UNDERGOES REFRESHER SEMINAR ON FOOD SAFETY HAZARDS



Pollo Master Corporation underwent a refresher-seminar on food safety hazards to strengthen the awareness of its personnel on hazards that may affect food safety during processing, handling, and distribution conducted at its production plant, Brgy. Aya, San Jose, Batangas, April 08.

The training, facilitated by the Department of Science and Technology (DOST)-Batangas, covered discussion on the three main categories of food safety hazards: biological, chemical, and physical. Ms. Jessica Navarro, food safety team member of the agency, explained how these hazards can enter the food processing chain and outlined preventive measures to control them.

Real-life examples and case scenarios were presented to help participants identify potential hazards in their operations. Topics included hygiene practices, allergen control, foreign object prevention, and the role of sanitation in minimizing risks.

Participants engaged in interactive discussions throughout the session, sharing insights based on their daily work in the processing facility. The session also highlighted the importance of consistent implementation of Good Manufacturing Practices (GMPs) to ensure food safety. Note to editors: DOST-CALABARZON is one of the regional offices of the Department of Science and Technology and is located at Jamboree Road, Brgy. Timugan, Los Baños, Laguna. For more information, you may visit us on Facebook at facebook.com/dostcalabarzon or our website at www.region4a.dost.gov.ph. You may also reach us at parcu@ro4a.dost.gov.ph.



*Matagumpay na nakapasa ang 29 na magsasaka mula sa Naic, Cavite para sa Foreign Seasonal Workers Program sa pakikipagtulungan ng Jeongeup-si, Republic of Korea at ng Pamahalaang Bayan ng Naic.*

*Katuwang ang PESO Naic sa proseso ng aplikasyon, pagsasanay at pagpili ng mga kwalipikadong aplikante. Isinagawa ang oryentasyon at opisyal na pagpupulong sa Municipal Hall ng Naic.*

*Ang mga magsasaka ay nakatakdang ma-deploy sa Korea bilang seasonal farm workers, na layuning magbigay ng dagdag na kita at kaalaman sa mga benepisyaryo.*

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com
our website:
www.humanitynewsph.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

Vol. IX No.25

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. IX No.25 May 19-25, 2025 P10.00

# DO YOU KNOW ?


*James I was the first English monarch to use the fork.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**




# MPT South Garners Prestigious Stevie® Award for Drayberks Road Safety Advocacy





Seoul, South Korea – May 13, 2025 – MPT South gained recognition as a Bronze Stevie® Award winner in the Innovation in Communications/ Public Relations category for its impactful Drayberks Road Safety Advocacy Campaign at the prestigious 12th annual Asia-Pacific Stevie Awards held in Seoul, South Korea. This esteemed accolade marks a significant milestone for MPT South, representing its inaugural Stevie® Award and underscoring the company's growing influence and commitment to exemplary advocacy initiatives such as the Drayberks Road Safety Program.

The Asia-Pacific Stevie Awards stand as the premier business awards program honoring innovation across all 29 markets within the Asia-Pacific region. Globally recognized, the Stevie Awards celebrate achievements through distinguished programs like The International Business Awards®, now in its 23rd year.

Since its inception in 2018, MPT South's Drayberks Road Safety Advocacy Program has pioneered efforts to cultivate responsible driving behaviors and elevate road safety awareness among Filipino drivers of all classifications. Targeting a broad spectrum, including public utility drivers, transport groups, logistics companies, and various mobility stakeholders, the program embodies a proactive approach. Recognizing drivers as central to road mobility and safety, Drayberks was thoughtfully designed as an ongoing, adaptive educational initiative. It transcends the limitations of a singular seminar, providing a continuous reinforcement of traffic discipline and awareness, effectively bridging the crucial gap between theoretical traffic regulations and their practical application in real-world scenarios.

The Drayberks Road Safety Advocacy program was lauded by the Stevie® Award committee for its innovative approach to public engagement and its demonstrable positive impact on commuter safety throughout Metro Manila and Southern Luzon.

Ms. Elnora D. Rumawak, Officer-in-charge of MPT South, expressed her profound gratitude, stating, "The Bronze Stevie® Award for our Drayberks Road Safety Campaign is a deeply cherished honor for the entire MPT South team. Our vision was straightforward: to empower drivers to become safer and more informed road users. Through collaborative spirit, creative ingenuity, and unwavering dedication to our purpose, the Drayberks Campaign has evolved into a true advocacy.

This recognition fuels our motivation to continue pushing the boundaries of innovation and to consistently deliver excellence for our nation and its people. Together, we aspire to even greater achievements in the future."

"The 12th Asia-Pacific Stevie Awards received an impressive array of outstanding entries," said Maggie Miller, President of the Stevie Awards. "This year's winners have clearly shown their dedication to innovation, and we commend their resilience and imaginative efforts."

About MPT South

MPT South is a subsidiary of Metro Pacific Tollways Corporation (MPTC), the infrastructure arm of Metro Pacific Investments Corporation (MPIC). Beyond its management of the CALAX and CAVITEX networks, MPTC's domestic portfolio encompasses concessions for the North Luzon Expressway (NLEX), the NLEX Connector Road, the Subic-Clark-Tarlac Expressway (SCTEX), and the Cebu-Cordova Link Expressway (CCLEX) in Cebu.

For inquiries about this press release please email us at: corpcomm@mptsouth.com

# Mouthwatering taste of determination



*Marita Villamor showcases her crispy pata business, which has been running strong for nearly four decades.*

Growing up, Marita Villamor from Sampaloc, Manila, dreamed of becoming an office girl and thriving in the corporate world. With this goal in mind, she pursued a secretarial course in college and even enrolled in a typing lesson class—all in hopes of landing her dream job.

But life has different plans for her. After starting a family in 1986, Marita found herself venturing into business. Her godfather, who owned a hog-raising business, offered to supply her with pork, a gesture that led her to start her crispy pata business.

Marita recalls how the support from friends and neighbors ignited the fire within her. Their loyalty has stood the test of time. Even after moving to the province, some of them still visit her store whenever they are in Manila, never leaving without bringing home crispy pata as pasalubong.

Determination built her daily routine. She'd wake up at 5:00 am to get ready, even when tired. For her, there was no room for rest; they had to earn money for a living.

Over time, their hard work began to pay off. Today, the business has expanded with an additional branch and now employs three workers, an achievement that Marita takes great pride in.

Marita received support from CARD, Inc. (A Microfinance NGO) to boost her capital. The largest loan she received from the institution was PHP 200,000.00, which she used as revolving capital.

After nearly four decades in the business, Marita looks back with a sense of fulfillment. Opening another branch is undoubtedly an achievement, but the most meaningful success for her was sending her two children to college.

"Take the risk, even if it's not your planned path. One day, you'll thank yourself for having the courage to start," she concluded, leaving an encouraging message to those held back by fear and doubt.